

# "5th Wave" Measures – Sa Obon/ Bakasyon-

Napagpasyahan : Agosto 6, 2021

COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government

Ang kalagayan ng COVID-19 infection sa buong bansa, nasa gitna tayo ng 5<sup>th</sup> Wave.

Sa panahon ng Obon, dumarami ang aktibidad ng mga tao. Hinihiling namin sa inyo na pagsikapan ipatupad nang husto ang "pag-iwas sa mga lugar na mataas ang pangangib ng close contact" dahil ito ang panimulang hakbang sa pagkontrol ng COVID.

## ○Sa mga mamamayan ng Prepektura

Maliban sa pagpatuloy ng mga countermeasures sa pagkontrol ng impeksyon (pagsusuot ng mask, kalinisan ng kamay, mahigpit na pag-iwas sa maraming tao, pamamahala ng pisikal na kondisyon), mangyaring gawin nang lubusan ang mga sumusunod na hakbang.

### 1 Pag-uwi sa bayan

- Nananawagan para sa **pagpipigil o ipagpaliban** ang pag-uwi ng mga miyembro ng pamilya na naninirahan sa ibang Prepektura, tulad ng mga nagtatrabaho o mga mag-aaral na namumuhay mag-isa. Sa partikular, kung sa palagay mo ay hindi maganda ang iyong pakiramdam, siguraduhing iwasan umuwi kasama ang iyong buong pamilya.

### 2 Business Trip

- Bilang karagdagan sa **pagbabawas** ng mga business trip na nangangailangan pumunta ng ibang Prepektura, inirerekomenda rin ang paggamit ng virtual meetings o conference. Kung wala nang ibang alternatibo, iwasan ang mataong lugar, pagkain sa labas (dinner) at gawing isang araw lamang (day trip) at gumawa ng masusing hakbang upang maprotektahan ang mga empleyado.

### 3 Travel, Leisure at Eating- out

- Para sa mga travel at leisure na kailangan pang pumunta ng ibang Prepektura, **pigilin o ipagpaliban** na lamang sa ibang panahon.
  - ✘ Lubusang **iwasan ang pagpunta o paglabas** sa mga rehiyon na may high infection rate (ang sumusunod ay ang itinalagang lugar pagkatapos ng August 8)
    - State of Emergency Areas** Prepektura ng Saitama, Chiba, Tokyo, Kanagawa, Osaka at Okinawa
    - Semi-State of Emergency Areas** Hokkaido, Prepektura ng Fukushima, Ibaraki, Tochigi, Gunma, Ishikawa, Shizuoka, Aichi, Shiga, Kyoto, Hyogo, Fukuoka at Kumamoto
- Umiwas sa pag-kain at pag-inom sa mga meetings ng mga taong hindi mo karaniwang nakakasalamuha, tulad ng mga pagtitipon ng mga kamag-anak at alumni associations.
- Sarado ang mga access na daan patungo sa mga ilog upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon dahil sa barbecue na nakakaakit ng matagalang pag-inom at pagkalasing. Ang mga barbecue facility na mga pampublikong pasilidad ay suspindido rin.

## ○Sa lahat ng nasa ibang Prepektura

- Mangyaring **iwasan muna ang pagbisita sa Gifu Prefecture** para sa travel, leisure, at eat-out, kabilang ang mga School Trips, mula sa mga lugar kung saan kumakalat ang impeksyon.